## Karapatang Makatao

### Mga inaasahan sa inyong mga anak:

- samantalahin ang edukasyon na inaalok sa kanila sa pamamagitan ng regular na pagpasok sa eskwela, pagsusumikap at paggalang sa mga patakaran ng eskwelahan.
- magpakita ng paggalang sa iba't-ibang kultura at tradisyon ng mga matatanda at mga bata sa eskwelahan at komunidad.
- iwasan ang pag-diskrimina ng ibang tao o lahi
- tumulong sa pagbuo ng mapag-unawa, mapag-ubaya at mapayapang kapaligiran.
- sumali sa gawaing panlibangan bilang bahagi ng araw sa eskwela..

### Ang mga bata ay may responsibilidad din na:

- magpakita ng paggalang sa lahat ng miyembro ng pamilya.
- tanggapin na kadalasan ang mga magulang ang pinakamagaling na taong maaring mag-desisyon para sa kabutihan ng kanilang mga anak.
- pag-isipang mabuti at maging magalang sa pagbibigay ng opinyon.
- tratuhin ng may paggalang ang kanilang tahanan at komunidad.

### Paano nakaka-apekto ang mga karapatang ito sa mga pangyayari sa bahay?

Bilang magulang, siguraduhin na ang inyong mga anak ay may:

- masustansiyang pagkain at tamang pahinga.
- regular na bisita sa duktor at dentista.
- malinis at ligtas na pamamahay at palaruan.
- oras para sa pag-aaral at paglalaro..
- karapatan na magbigay ng sariling opinyon tungkol sa bagay-bagay na nakaka-apekto sa kanila at sa kanilang kapaligiran.

**"Child Rights"**

VSB

**"Mga Karapatan ng Bata"**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL/ELL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada

British Columbia The Best Place on Earth | WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Mga Karapatan ng Bata



## *Ang kahalagahan nito sa edukasyon ng inyong anak*

## Karapatang Makatao

*Noong November 20th, 1989, ang United Nations General Assembly ay nagpatibay ng 'Declaration of the Rights of a Child'. 193 na bansa, pati na rin ang Canada, ay sumang-ayon sa prinsipyo ng deklarasyong ito.Sa Canada, ang sinumang may edad na mas bata sa 18 ay tinuturing na bata.*

### Ano ang karapatan?

Ang karapatan ay batayan ng karapat-dapat na kalayaan para sa lahat ng tao, anumang edad,rasa, kulay,kasarian, wika, relihiyon,paniniwalang politikal, nasyonal o panlipunang pinanggalingan.



Ang 'Declaration of the Rights of a Child' ay nagpapahayag na:

- ang mga bata ay nangangailangan ng espesyal na proteksiyon dahilan sa sila ay hindi pa handa, kapwa pisikal at mental.
- ang mga bata ay karapat-dapat na tumanggap ng pinakamagaling na suporta na maaring ibigay ng kanilang mga magulang at gobyerno ng Canada.
- ang mga karapatang ito ay nauukol sa lahat ng mga bata galing sa kahit anong rasa,kulay, kasarian, wika,relihiyon, paniniwalang political, nasyonal o panlipunang pinanggalingan.

### Ano ang ilan sa mga karapatan na nakasama sa 'Declaration of the Rights of a Child'?

Lahat ng bata ay may karapatan sa:

- sosyal at emosyonal na pag-unlad na may kasamang kalayaan at dignidad.
- espesyal na pagtrato at pag-alaga kung may pisikal o mental na sagabal.
- libre at sapilitan na edukasyon na nagpapaunlad ng kultura at paglinang ng kanilang mga talento.
- laro at libangan
- proteksiyon sa lahat ng uri ng kapabayaan
- proteksiyon sa lahat ng uri ng diskriminasyon.
- palakihin sa kapaligiran na may pag-unawa, pagpapaubaya, pagkakaibigan at kapayapaan.

### Paano ito nakaka-apekto ng inyong mga anak sa eskwela?

Ang mga karapatang ito ay nagpapatiyak na ang inyong mga anak ay may access sa libreng edukasyon na:

- gumagalang sa kanilang pangalan, nasyonalidad, kultura at tradisyon.
- nagbibigay halaga sa kanilang dignidad.
- nagbibigay ng proteksiyon laban sa kahit anong uri ng pagdiskrimina.
- nagbibigay ng mapag-unawa, mapagpaubaya at mapayapang kapaligiran.
- naglilinang ng kanilang talento.
- nagbabahagi ng oras para sa laro at libangan.
- nagbibigay ng espesyal na pagtrato at pag-alaga na kinakailangan.